KINDERGARTEN

Public education
**Discover a world of opportunities**

# PAGBASA: PAG-AARAL SA TAHANAN

## MGA BAITANG NG PAGBASA

**Mga magbabasang may mga ginagampanang papel**

Habang lumalaki at umuunlad ang inyong anak, magsisimula siyang magkaroon ng hilig sa mga aklat at mga salita na nakikita niya sa kanyang paligid.

Maaaring simulan niyang gayahin kayo sa pamamagitan ng paghawak nang tama ng aklat, pagpalit nang maingat ng mga pahina at pagkukunwaring nagbabasa na ginagamit ang mga litrato at ang kanyang memorya para ulitin ang pagsasalaysay ng mga kuwento. Matutuhan din niyang malaman ang pagkakaiba ng harapan ng isang aklat sa likuran nito, umunawa na ang mga salita at mga litrato ay magkaiba, at ang mga salitang nakalimbag ay may nilalamang mga mensahe.

Masusuportahan ninyo ang inyong anak sa pamamagitan ng:

- pagbasa kasama nila araw-araw
- pagpasigla at pagpuri ng anumang mga pagsisikap niya sa pakunwaring pagbasa
- pagpakita sa kanya na tumutulong ang mga litrato sa pagsalaysay ng kuwento
- paulit-ulit na pagbasa ng kanyang mga paboritong kuwento – ang pagpapalagayang-loob ay nagbubuo ng pagtitiwala
- hindi pamimintas sa kanya kapag siya ay nagkakamali – matagal natutong bumasa!

**Mga ideyang ukol sa pagbasa**

Kapag nagbabasa kasama ng inyong anak:

- hayaan ninyong tingnan niya ang mga litrato at isalaysay sa inyo kung tungkol sa ano marahil ang kuwento
- tumigil paminsan-minsan at magtanong: *Ano sa palagay mo ang susunod na mangyayari? at Bakit mo naiisip iyon?* – tanggapin ninyo ang kanyang mga sagot kahit hindi ganap na tama ang mga ito
- sagutin ninyo ang mga tanong ng inyong anak kahit magambala ng mga ito ang pagdaloy ng kuwento

**Isara ninyo ang telebisyon. Higit na madali para sa inyong anak na mag-ukol ng isip kung walang paggagambala.**

- gawin ninyong kasiya-siya ang pagkukuwento at pagbabasa sa pamamagitan ng paggawa ng mga tunog ng mga iba-ibang hayop at pagpapalit ng inyong tinig para sa mga iba-ibang tauhan.

Kapag natapos na kayong magbasa kasama ng inyong anak:

- mag-usap kayo tungkol sa kuwento
- hayaan ninyong isalaysay niya ulit sa inyo ang kuwento
- pag-usapan ninyo ang nangyari at kailan at saan ito nangyari, halimbawa: *Sino ang iyong paboritong tao sa kuwento?*

**Mga ibang ideyang ukol sa pagbasa:**
**• Mag-usap kayo tungkol sa mga litrato sa aklat at hayaan ninyong gumawa ng kanyang sariing kuwento ang inyong anak.**
**• Dumalaw kayo sa aklatan sa inyong lugar para sa mga sesyon ng pagkuwento at humiram kayo ng mga audiong aklat.**
**• Regaluhan ninyo ng mga aklat ang inyong anak.**
**• Sabihin ninyo sa inyong anak na makinig sa mga tunog sa mga salitang kilala niya, halimbawa *sh*.**
**• Ipahanap ninyo sa inyong anak ang mga titik na marahil ay alam niya gaya ng mga titik sa kanyang pangalan.**

Department of
**Education**

**Makakakita kayo nang higit pa mga pahina ng mga impormasyon ukol sa pag-aaral sa tahanan sa education.wa.edu.au.**

© Department of Education, Western Australia, 2015

CC BY